

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Umpisahan ang spring season sa birtwal na Seedy Saturday at Garden Show

BRAMPTON, ON (Marso 1, 2021) – Ang ika-9 na taunang Seedy Saturday at Garden Show ng Brampton ay magaganap online sa taon na ito, sa Sabado, Marso 13, simula sa 10 am!

Ang 2021 birtwal na Seedy Saturday at Garden Show ay ipinipresenta sa pakikipagtulungan ng Brampton Horticultural Society, at magtatampok ng mga video ng paghahardin mula sa mga ekspertong ito sa kapaligiran:

- Allison Eady sa mga Harding Pagkain sa Paaralan
- Bob Wildfong sa Heritage na mga Hardin ng Bulaklak
- Frank Ferragine sa Gabay sa mga Nagsisimula sa Pagpapatubo ng Pagkain
- Jode Roberts sa Pagdadala sa mga Paru-paro sa Bahay sa Brampton
- Lauren Bosch sa Pagpapatubo at Paggamit ng mga Herb
- Linda Crago sa Heirlooms at Pag-save sa Butil
- Steven Biggs sa Mga Nakakain sa Urban Landscapes
- Vicki Simkovic sa Pangangasiwa sa Invasive na mga Pananim sa Inyong Hardin

Kayo man ay bago sa paghahardin o isang propesyonal. Saliksikin ang www.brampton.ca/seedysaturday sa buong araw sa Marso 13 para ma-access ang mga resource sa paghahardin, kumonekta sa lokal na mga vendor sa paghahardin, mag-enjoy sa Kids Zone na may napi-print na mga aktibidad at mga video tutorial, matuto kung paano sumali sa pagpapalitan ng butil sa curbside kasama ang Brampton Horticultural Society, at mas marami pa.

Ang event na ito ay hino-host sa pakikipagtulungan ng Brampton Horticultural Society, at suportado ng Seeds of Diversity.

Mga Quote

“Hinihikayat ko ang lahat na saliksikin ang birtwal na Seedy Saturday at Garden Show sa taon na ito sa Marso 13! Ang Brampton ay isang Luntiang Lungsod, nakatuon sa pagiging sustainable at kahalagahan ng ating biodiversity. Matuto tungkol sa pagkasustainable sa pagkain, saliksikin ang mga tip ng mga eksperto at mga resource, at mas marami pang kapana-panabik at edukasyonal na event.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Maaaring hindi tayo makapagtipon-tipon nang personal para mag-enjoy sa Seedy Saturday at Garden Show sa taon na ito, ngunit ang ating online na event ay nangangakong pagsama-samahin ang ating komunidad tungkol sa pagtanim sa spring at pagpapanatili sa ating hardin na luntian.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

“Ang lahat ng hardinero’t hardinera sa lahat ng antas ng pagka-eksperto ay iniimbitahan sa birtwal na Seedy Saturday at Garden Show. Kasama ang tampok na mga video mula sa mga eksperto sa

industriya – kumonekta sa lokal na mga vendor ng paghahardin, mag-access sa mga aktibidad para sa mga bata, at mas marami pa. May nakalaan para sa lahat.”

- *Charmaine Williams, Konsehal ng Lungsod, Wards 7 at 8; Vice-Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

“Nananabik na tayong ipresenta ang ika-9 na taunang Seedy Saturday at Garden Show kasama ang Brampton Horticultural Society online sa unang pagkakataon. Dumalo at matuto tungkol sa paghahardin, pagiging sustainable, at kung paano ninyo maisagawa ang mas luntiang pamumuhay sa ating komunidad.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng higit sa 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca